Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*
*sbobulalacaoormin@gmail.com/09988546853*

Fib

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-LABING-ISANG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-8 NG MAYO, 2023 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Ederlino C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Felix John C. Templanza | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Joejie R. Narciso | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

**WALA**

x-----------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 23-05-139

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NI GINOONG CARLITO PANCHO SEJERA NG SITIO SAN MIGUEL, BARANGAY MAUJAO**

Mga May-Panukala:
**Sangguniang Bayan Member KIEVEN E. CANTOS**
Chairperson, Committee on Tourism Development

**Sangguniang Bayan Member JOEJIE R. NARCISO**
Chairperson, Committee on Women, Children,
Family Relations, and Gender Equality

Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Chairperson, Committee on Good Government,
Public Ethics and Accountability

"**SAPAGKAT,** isang malungkot na araw ng Abril 29, 2023 ang nagtakdang huling sandali ni Ginoong Carlito Pancho Sejera nang siya ay pumanaw na nagdulot ng labis na kadalamhatian sa kanyang pamilya, mga kaibigan, at mga kakilala;

"**SAPAGKAT,** sa kabila ng mga pagsubok sa buhay, siya ay nanatiling matatag kasama ang kanyang binuong pamilya at unti-unting hinagkan ang tagumpay ng buhay, at ang kanyang positibong pagkatao ay mananatili na lamang bilang isang magandang alaala nang siya ay nagkaroon ng malubhang karamdaman at tuluyang bawian ng buhay sa edad na 68 taong gulang;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** si Ginoong Carlito Pancho Sejera ay nagsilbi sa Philippine Constabulary mula noong Setyembre 1978 hanggang Disyembre 1990 at kalaunan dahil sa kanyang dedikasyon at sipag sa trabaho ay nagpatuloy siyang manilbihan sa Philippine National Police noong Enero 1991 bilang Police Officer 2 (SPO2), sa mahabang panahon siya ay namalagi sa Lalawigan ng Iloilo at naging tapat sa kanyang tungkulin at pursigido sa kanyang layunin na maging kabahagi sa pagpapaunlad at pagsasaayos ng lipunan at gawing ligtas sa lahat ng panahon ang bawat mamamayan, siya ay nagretiro sa kanyang katungkulan bilang Police Officer 3 (SPO3) taong 2008 at nagpasiyang bumalik sa kanyang lupang sinilangan dito sa Bayan ng Bulalacao;

**"SAPAGKAT,** sa kanyang pagbabalik dito sa ating bayan ay pinili niya pa ring manilbihan sa ating Lokal na Pamahalaan bilang isang Job Order Worker at naging Tagapamahala ng ating Motor Pool sa ilalim ng Municipal Engineering Office;

**"SAPAGKAT,** ang buong Pamahalaan ng Bayan ng Bulalacao ay taus pusong nakikiramay sa mga naulila at taimtim na nananalangin sa Panginoong Diyos na makapangyarihan sa lahat na pagkalooban ng buhay na walang hanggan ang kaluluwa ng yumao na si Ginoong Carlito Pancho Sejera sa kanyang mapagpalang kaharian; Kung kaya't dahil dito…

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa mga naulila ni Ginoong Carlito Pancho Sejera ng Sitio San Miguel, Barangay Maujao,

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Guillermo G. Salas, Jr. na pinangalawahan ng lahat ng dumalo ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY"**: Mayo 8, 2023, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-------------------------------------------------------------------x

| | |
|---|---|
| **KGG. EDERLINO C. ACERON**<br>Sangguniang Bayan Member | **KGG. EDEZER F. ACERON**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **KGG. JESS V. SAPUNGAN**<br>Sangguniang Bayan Member | **KGG. FELIX JOHN C. TEMPLANZA**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **KGG. KIEVEN E. CANTOS**<br>Sangguniang Bayan Member | **KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**<br>Sangguniang Bayan Member | **KGG. JOEJIE R. NARCISO**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **KGG. ENRICO C. VILLAS**<br>Pangulo, Liga ng mga Barangay | **KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**<br>SK Federation President |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: May 16, 2023

110523/PLP/admm/bsd

Scanned with CamScanner